MGA PROTOCOL SA MULING PAGBUBUKAS NG MGA PAARALAN K-12 SA LONG BEACH – APPENDIX X1

Mga Huling Pagbabago:

- 9/2/20 – Binago para maisam ang pantubay ng Estado hinggil sa mga tropa (cohorts) (Mga pagbabago ay may highlight na dilaw)

Lahat ng mga K-12 na paaralan ng mga county ng California na nasa Tier 1 ng Blueprint for a Safer Economy ng Estado, kasama na ang Los Angeles County at ng City of Long Beach, ay mananatiling sarado para sa mga sa personal na pag-aaral maliban sa mga pinayangan ng Safer at Home Order and ng protocol na ito. Ayon sa pagsunod sa utos, ang mga K-12 na paaralan sa Los Angeles, pati ang Long Beach, ay maaaring magbukas lamang sa pamamagitan ng remote learning, hanggang ang County ay matanggal sa monitoring list sa loob ng 14 araw.

Lahat ng K-12 na paaralan sa mga county ng California na nasa COVID-19 monitoring list ng Estado, kasama na ang Los Angeles County, ay pinagbabawal na magbukas para sa mga sa personal na pagtuturo na may mga limitdaong eksepsyon. Ayon sa pagsunod sa utos na ito, maaari lamang magbukas muli ang K-12 na mga paraalan para sa remote learning. Sa panahong ito ang mga empleyado at staff, ayon sa kanilang depinisyon sa ibaba, ay maaaring bumalik sa trabaho sa campus para sa implementasyon ng remote learning at suportahan ang mga operasyong basiko ng paaralan. Lahat ng mga naaangkop ng mga hakbang sa protocol na ito para masegurado ang kaligtasan ng mga empleyado ay kailangang maisapatupad. Mga waivers para sa pagbubukas ng elementary (TK hanggang grade 6) ay hindi pinapayagan sa kasalukuyan, gayunpaman, karagdagang impormasyon hinggil sa proseso ng waiver, na maaaring patakbuhin muli sa hinaharap.

Sa panahong ito na bukas lamang ang mga paaralan para lamang sa remote learning, ang pag-aalaga para sa mga batang na sa edad mag-aaral ay pinapayagan ayon sa pagsunod sa LBDHHS Protocol for Programs Providing Day Care for School-Aged Children. Mga sumusunod na modelo para sa probisyon ng pangagalaga sa paaralan ay pinapapagan. Mas marami pang mga modelo ang maaaring idagdag sa pagdami ng impormasyon na darating mula sa sa California Department of Public Health, California Department of Social Services, at California Department of Education (CDE).

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- Mga lisensyadong ECE provider, kasama ang may lisensya para sa pangagalaga ng mga bata nasa edad para sa paaralan.
- Sinumang employer na nakatanggap ng emergency waiver mula sa Community Care Licensing Division (CCLD) para sa operasyon ng pansamantalang pangangalaga ng bata na inisponsor ng employer.
  - Kung kayo ay employer na nangangailangan ng emergency waiver para sa dahilang ito, kontakin ang inyong CCLD office ng inyong rehiyon. Ang impormasyon ay maaaring makita DITO.
- Mga pinondohan ng CDE ng mga programa ng pag-aaral tulad ng After School Education and Safety (ASES), 21st Century Community Learning Center (21st CCLC), 21st Century High School After School Safety at Enrichment para sa mga Teens (ASSETs). [Tignan ang California Department of Education COVID-19 Frequently Asked Questions 2020-21]

Habang ang mga paaralan ay sarado para sa pagtuturo sa classroom, mga assessment personal ay pinapayagan sa campus para sa mga estudyanteng nangangailangan ng mga ebalwasyon para sa Individualized Education Plans (IEPs) kapag ang mga assessment ay hindi magagagwa sa ibang lugar.Itong mga serbisyo ay dapat inaalok sa mga tropa ng estudyante na hindi hihigit sa 14 na estudyante na may hindi hihigit sa 2 staff na nagbabantay at hindi hihigit sa 25% ng kapasidad ng gusali. CDPH Guidance for Small Cohorts/Groups of Children and Youth, at Providing Targeted, Specialized Support at Services at School FAQ para sa iba pang mga detalye. Itong protocol para sa muling pagbubukas ay dapat maitaguyod, maisapatupad at sundin para makapag-alok ng serbisyo para sa maliliit na tropa para sa mga estudyante.

Ang Department of Health and Human Services ng Long Beach (Health Department o Departamento ng Kalusugan) ay may gagamiting bagong paraan, na sinusuportahan ng agham at ng mga dalubhasa ng kalusugan pampubliko, para mahayaan ang mga paaralan na ligtas na makapagbukas. Karagdagan pa sa mga kondisyong ipinataw ng State Public Health Officer at ng California Department of Education, ang mga paaralan ay kailangang sumunod sa mga protocol ng empleyado at estudyante at ng kaligtasan at impeksyon.

Paki Tala: Ang dokumentong ito ay maaari pang mabago sa pagdating ng mga karagdagang impormasyon tiyakin i-check ang Long Beach COVID-19 website sa www.longbeach.gov/covid19 para sa mga regular na pagbabago ng dokumentong ito.

Sakop ng checklist na ito ang:

1. Mga patakaran at mga pagsasagawa para maporotektahan ang kalusugan ng mga empleyado at mga estudyante.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

2. Mga hakbang para sa seguradong physical distancing
3. Mga hakbang para seguradong kontrol ng impkesyon
4. Komunikasyon sa mga empleyado, estudyante at mga pamily ng mg estudyante at ng publikol
5. Mga hakbang para sa seguradong access sa mga serbisyong kritikal.

Ito ang limang mga aspeto na dapat matugonan habang ang inyong programa ay nagbubuo ng anumang mga protocol.

Lahat ng mga paaralan ay dapat mag-implementa ng lahat ng naangkop na mga hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa sa pagapaliwanag kung bakit ang hakbang na hindi naimplementa ay di naangkop.

Pangalan ng Insitutsyon:

_____

Direksyon:

_____

PAGTATALA: Ang mga salitang "empleyado" at "staff" ay ginagamit sa protocol na ito para matukoy ang mga indibidwal na nagtratrabaho sa paaralan sa anumang kakayahan na nahahanay sa pagtuturo, coaching, suporta sa estudyante, pagbigay ng mga therapy o personal na pagtulong sa mga estudyante, paglilinis o maintenance, administrasyon o iba pang mga aktibidad na kinakailangan sa pagpapatakbo ng paaralan. Mga "empleyado" o "staff" ay ang mga tao na: binabayarang diretso ng sistema ng paaralan, ng ibang mga entity bilang mga contractor sa paaralan, binabayaran ng mga taga labas na entity bilang kolaborasyon sa paaralan para mapagsilbihan ang nga mga estudyante, binabayaran ng third parties para makapagbigay ng serbisyo sa mga estudyante, o mga walang bayad na mga boluntaryo sa ilalim ng direksyon ng paaralan para makapagbigay ng mga mahalagang serbisyo. Ang salitang "magulang" ay ginamit sa protocol na ito at ang ibig sabihin ay mga caregiver o mga guardians sa mga estudyante.

A. Mga Patakaran at mga Pagsasagawa para Maprotektahan ang mga Staff ("Empleyado") at mga Estudyante

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- Ang paaralan ay may **COVID-19 Exposure Management Plan** (tignan ang pahina 16) na nagsasalarawan ng isang masusing paraan ng prebensyon ng paaralan at pag-pigil ng COVID-19 sa campus.
- Maglikha ng Cohorting Plan (plano ng pagsasama). Ang Cohorting plan ay may mga hakbang na isasagawa kaagad sa pag-abiso ng mga opisyal ng paaralan na may maaring nagpositibo (faculty, staff, estudyante, o bisita) sa paaralan, o may sintomas katulad ng COVID-19 (simula dito tatawagain ang COVID-19; kaso). Tutugunan ng planog ang mga sumusunod:
    - Agad-agad na separasyon ng may kaso mula sa paaralan para mag self-isolation sa bahay kapag ang pag-abiso ay nangyari habang ang may kaso ay nasa sityo. Ang plano ay dapat magpahintulot ng nasa sityong isolation kung kailangan planuhin paghatid ng may kaso sa bahay.
    - Mga factsheets o iba pang mga impormasyon na ipapamigay sa kaso (0 sa mga kamag-anak kung ang kaso ay bata) mga regulasyon sa pag self-isolation at mga links na may marami pang impormasyon.
    - Isang plano na masimulan ang COVID-19 Exposure Management Plan nag-babalangkas ng mga hakbang para sa:
        - Isolation ng kaso;
        - Pagkilala ng mga taong nalapitan ng kaso sa paaralan;
        - Madalian pagquarantine ng mga nalapitang mga empleyado/estudyante; at
        - Pagseseguro ng testing para sa mga taong nalapitan sa paaralan bilang batayan sa hakbang ng kontrol.
    - Isang plano para i-report ang kumpol ng mga kaso (3 o mahigit sa loob ng 14 araw) sa LBDHSS Communicable Disease Program at (562) 570-4302.
    - Isang plano kung sakali para sa buo o parsyal na pagsara ng personal na operasyon na maaaring kailanganin batay sa isang paglaganap sa paaralan o komunidad.
- Isang Testing Plan para sa pagsama ng surveillance testing sa mga regular na operasyon ng lahat ng tauhan sa paaralan.
    - Kasama sa Testing Plan ang isang estratehiya para sa seguradong pagtanggap sa madalas na testing para sa lahat ng tauhan ng paaralan na isasagawa kapag iniutos ng Health Department Batay sa mga umuusbong na sakit at/o pagktapos ng resolusyon ng isang pagkalat sa paaralan o ayon sa mga tagubilin ng COVID 19 and Reopening Framework For K12 Schools in California.
    - Pinapayuhan ang mga paaralan na makipag-ugnayan sa mga planong medikal ng mga staff at payuhan kung ang plano ay tatanggi sa testing na ito. Maaari din tignan ng paaralan kung ang pakontrata ng third party na pag-test ay may silbi at karapat-dapat basta huwag gamitin ang mga antibody test. Ang State ay nag-aalok ng searchable na listahan ng Testing Task Force Lab, ngunit kahit na

anong lisensyadong laboratory sa California o tagabgigay ng test (provider) ay tinatanggap din.

- Mga empleyadong bulnerable (mga mahigit sa 65, at may mga sakit na pabalik balik na mailalagay sila sa mataas na panganib pag na hawa) ay inatasan gawin ang trabaho sa bahay kung posible. Mga empleyado sa katergoryang ito ay dapat makipagugnayan sa kanilang provider (manggagamot) o occupational health services para makagawa ng angkop na aksyon bago bumalik sa trabaho.
- Mga proseso ng trabaho ay inayos ng maging kapantay ng mga tagubiling akademiko at ng mga pangangailangan ng estudyante para madagdagan ang oportunidad ng mga empleyado na magtrabaho sa bahay.
- Ang pagsunod sa regulasyon ng sahod at sweldo (wage and hour regulations) at mga mandato ng paaralan, mga hindi sabay sabay na shift ay ipinataw para malubos ang physical distancing kung saan man posible.
- Mga empleyado ay sinabihan na huwag pumasok kapag may sakit o may nalapitan na tao na may COVID-19. Mga opisyan ng paaralan ay may mga impormasyon hinggil sa mga ini-sponsor na leave ng gobyerno o employer (employer or government sponsored leave benefits) kasama ang kanilang karapat sa leave na ginarantiahan ng the Families First Coronavirus Response Act.
- Paggamit ng mga pasilidad para sa di pang-eskwelang dahilan (meeting ng komunidad, events, on-site ng clinic, mga pagbisita ng mga tao na hindi estudyante o staff) ay hindi pinapayagan.
- Mga pag-check ng sintomas ay gagawin bago pumasok ang mga empleyado sa lugar ng trabaho. Kasama sa pag-check ang pagtingin kung may ubo, nahihirapang huminga at lagnat o chills, at anupang mga sintomas at kung ang tao ay may nalapitan na may COVID-19 sa loob ng huling 14 araw. Pwedeng gawin ang pag-check ng remote o bago umalis ng bahay ang empleyado o sa pagdating. Pagkuha ng temperature gamit ang no-touch na thermometer ay gagawin sa sityo kapag maaari.
- Sinomang papasok sa property ng paaralan (pati ang mga school bus, at mga building at paligid) na may kontak sa iba (estudyante, magulang at ibang empleyado) ay kailangan magsuot ng takip sa mukha.
    - Aalokin ng libreng takip sa mukha ang mga empleyado. Ang takip ay dapat suot ng empleyado sa lahat ng oras habang na sa sityo o kung lalapit sa ibang tao. Di kailangan magsuot kapag mag-isa sa opisinang pribado, booth o cubible na may harang.
    - Isang medical grade na mask at proteksyon sa mata ay ibibigay sa sino man empleayado na may alagang may sakit na bata o lumalapit sa batang may kondisyong medikal na hindi siya maaring makapgsuot ng takip.
    - Mga alternatibong estratehiya ng proteksyon ay maaaring gawin para mabigyan ng akomodasyon ang mga estudyanteng na sa Individualized Education o 504 Plans at hindi makakatagal na may suot ng takip sa mukha.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- Mga taong di maaring magsuot ng takip dahil sa isang kondisyong medikal na nagtratrabaho ng malapitan sa ibang tao ay dapat magsuot ng isang di makapit na alternatibo tulad ng face shield na may drape sa dulo, basta ito ay kaya ng kanilang kondisyon.
- May instruksyon na hugasan ang mga pantakip sa mukha araw-araw. Mga magulang ay sinabihan na seguraduhing malinis ang takip ng mukha ng kanilang mga anak.

- Mga workstations ng empleyado ay hiwa-hiwalay ng di kukulang sa 6 talamapakan. Mga muebles ng classroom ay inayos para may distansya na 6 talamapakan sa pagitan ng mesa guro at ng mga estudyante.
- Sa pagsunod sa wage and hour regulations, mga break ay di sabay sabay para seguradong maisagawa ang physical distancing sa break room. Tignan kung maaaring ilagay ang mga lugar ng break sa labas o sa mga lugar na maayos ang bentilasyon tulad mga bukas na bintana at pinto.
- Mga empleyado, mga contractor, vendor at mga delivery ay may instruksyon na magpanatili ng physical distancing at dapat magsuot ng takip kapay may ibang taong nasa paligid.
- Mga karaniwang lugar na ginagamit o may staff ay dini-disinfect ng madalas at may iskedyul, mahigit sa isang beses isang araw. Ito ay ang mga:
  - Break rooms
  - Restrooms
  - Classrooms
  - Laboratoryo
  - Opisina ng Nurse
  - Counseling at ibang pang support area ng estudyante
  - Tanggapan
  - Iba pang opisina

- Mga ma-taong lugar tulad ng breakroom ng staff ay madalas i-disinfect. Mga bagay na ginagamit ng maraming tao tulad ng coffee pot, lalagyan at mga plato ay pinalitan ng mga disposable.
- Mayroong hand sanitizer mabisa laban sa COVID-19 para sa mga empleyado sa mga sumusunod na lokasyon.
- Hand sanitizer effective against COVID-19 is available to all employees in or near the following locations:
  - Pasukan/labasan
  - Opisina
  - Pasukan ng Hagdanan
  - Pasukan ng elevator
  - Classrooms
  - Breakroom ng Faculty
  - Opinsina ng Faculty
- May sabon at tubig para sa mga empleaydo
- Pinapayagan ang madalas na paghugas ng mga kamay ng mga empleyado.
- Bawat empleyado ay may kanya kayang mga tools, supplies at mga equipment at workspace. Pakikipag hiraman ng gamit at ang pag-share ng workspace ay binawasan o tinanggal.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- ☐ Mga kopya ng protocol na itoy ay laging handa kapang hiniling ng mga magulang at nasa website ng paaralan.
- ☐ Magkaroon at magsagwa ng program ang flu vaccination (bakuna para sa trangkaso) tulad ng edukasyon sa bakuna, promosyon, dokumentasyon pag-nakompleto, kasalukuyang pagbakuna – na ang layunin ay mabigyan ng imunisasyon ang mga estudyante at staff maliban kung may exemption na may dokumentasyong medikal, bago o magsimula ng flu season (kadalasan November 1) para makatulong:
  - Protektahan ang paaralan mula sa trangkaso, at ang paghawa ng virus ng trangkaso at COVID-19
  - Mabawasan ang pangangailangan sa mga pasilidad ng kalusugan
  - Mabawasan ang sakit na iba sa COVID-19 at na makakapag dulot ng ibang hakbang mula sa paaralan at mga awtoridad ng public health.
- ☐ Isasali ng paaralan ang staff sa isang training ng programa ng contact tracing (iba't ibang opsyon ay mayroon sa online) bago magbukas.

B. Mga Hakbang Para Masegurado ang Physical Distancing ng Staff, Estudyante at mga Boluntaryo

- ☐ Mga hakbang ay isinalugar para masegurado ang physical distancing sa school bus kasama ang mga:
  - Isang bata lang sa isang pwesto ang papayagan
  - Paggamit ng salinsinang mga hanay
  - Hindi sabay-sabay na simula para mapayagan ang mahigit na isang biyahe ng school bus sa simula at tapos.
  - Pagpapatupad ng mga hakbang magiging madali para sa mga magulang na ihatid ang mga bata sa paaralan, tulad ng maagang staff, mas maraming parking, at staff sa mga hatidan para masegurado ang ligtas na galawan ng estudyante mula sa bagsakan at pasukan.
  - Pagpapatupad ng mga hakbang para magawa ang mga ligtas at angkop sa edad na biyahe ng estudyante sa paaralan kasama ang mga Safe Routes sa School na mga Walking groups, paggamit ng crossing guard at mga kaligtasan ng bisikleta at mga ruta ng mga bisikleta.
    - Kasama ng paaralan ang mga magulang para masegurado ang alternatibong transportasyon na angkop at may superbisyon at may isinaling mga estratehiya at paggamit ng takip sa mukha.
  - Inangkop ang infrastructure ng gusali para malubos ang suporta sa bisikleta at ang kakayahan ng storage ng mga bisikleta kung magagawa.
  - Iba _____

- ☐ May mga hakbang na isinalugar para masegurado ang physical distancing sa pagdating ng mga estudyante, mga magulang o mga bisita sa paaralan. Ito ang mga:
  - Isang linya ang ga estudyante pagkalabas sa sasakyan o school bus papunta sa pinto.
  - Mga empleyado ay sasalubungin ang mga padating na bus, kotse at mga estudyanteng naglalakad o bisikleta para masegurado na ang distancing ay mapanatili ang mapigilan ang mga pagkumpolan.
  - Mayroong tape o mga mark ana ginamit para makatulong sa estudyante na mag-physical distancing habang sila ay naka-pila papasok.
  - Maraming pasukat at labasan nang maiwasan ang pagsiksikan sa pagdating at uwian basta lahat ng pasukan at pasukan ay masapat na pagmonitor ng pagdating at paglis ng mga estudyante at empleyado.
  - Iba _____
- ☐ Mga hakbang ay isinalugar para masegurado ang physical distancing habang ang mga estudyante ay gumagalaw sa paaralan. Mga kasama dito ay:
  - Mge empleyado ay nasa hallway para masegurado ang physical distancing habang ang mga estudyante ay pumasok, chine-check para sa sintomas at papunta sa mga classroom.
  - May mga empleyado rin sa hallway habang kailangan para masegurado ang physical distancing habang palipat-lipat ng mga classroom ang mga estudyante sa ibang lokasyon.
  - Para sa kapasidad ng elevator, kung pwede, limitahin sa bilang ng tao na kakakasya habang mapapanatili ang distansya na 6 talamapakan sa bawat pasahero. Sa mga oras na matao, tulad ng pasukan at labasan, maaring gawing 4 ang maximum para sa isang elevator na hindi pwee ang physical distance na 6 talampakan sa pagitan ng pasahero. Lahat ng nakasakay ay dapat may takip sa mukha, maliban sa exempt na binalakngkas sa itaas.
  - Mga sumusunod na Hakbang ay nasa lugar para maiwasan ang siksikan sa hagdanan:
    - Itakda ang pa-taas at pa-baba ng hagdanan
    - Mga hindi sabay sabay na break ng mga klase
    - Pag-monitor ng staff ng mga hagdanan
    - Iba_____
- ☐ Mga hakbang na isinalugar para masegurado ang physical distancing sa mga classroom. Ito ang mga sumusunod (i-check ang mga angkop):
  - Ang klase sa personal ay limitado sa ___ mga estudyante sa elementary.
  - Ang klase sa personal ay limitado sa ___ mga estudyante sa middle at high school.
  - Ang araw sa paaralan ay hinati sa mga shifts para mas kaunti ang estudyante sa bawat klase.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- Ang pag-pasok ay di sabay sabay para mabawasan ang total na dami ng estudyante sa classroom kahit anong araw.
- Ang ibang mga klase ay nilipat online.
- Ang klase sa online ay isang opsyon para sa mga estudyante na may kakayahan gawin ito at para sa mga nasa mataas ang panganib sa isang regular na classroom.
- Mga espasyong alternatibo ay gagamitin para mabawasan ang damit ng estudyante ng classroom. Kasama dito ang:
  - Aklatan
  - Auditorium
  - Cafeteria
  - Gymnasium
  - Espasyo sa labas
  - Iba _____
- Inayos ang mga muebles sa classroom para masegurado ang 6 talampakan sa mesa at sa pagitan ng mga estudyante at teacher (paglagay ng mga mesa, o marka sa sahig para mapaalala ang disyansya) kung magagawa. Kung saan ang 6 talampakan ay di posible, mga harang ay gagamitin ng mabawasan ang pagalapitan.
- Inayos o tinanggal ang mga muebles pang grupo na nagiging magakakalapit ang mga estudyante.
- Mga pahingahan sa classroom ay mayroong 6 talampakan na distansya at salinsinan ang paa sa ulo.
- Mga metodo ng mga paguturo ay inameyandahan para makaiwas sa paglapit ng mga estudyante sa laboratoryo at iba pang mga klase na may mga grupong aktibidad.
- Iba _____

☐ Ang mga klase ng gym ay pinili para makapag physical distancing at dapat gawin sa labas kung posible, o kung ayon sa mandato ng estado o pang lokal na utos.

☐ Patakaran ng paaralan ang pagsagawa ng physical distancing (magpanatili ng 6 talampakan ang mga estudyante) sa locker room. Kasama sa patakaran ang:

- I-alok ang locker room kung may staff na magbabantay kung posible.
- Hindi sabay sabay ang pagpasok sa locker room
- Gumawa ng alternatibong opsyon para sa lagayan ng mga damit, libro at iba pang mga bagay ng mga estudyante.

☐ Mga hakbang ay isinalugar ng makapag physical distancing sa oras ng pag-kain. Ito ay ang mga:

- Kung maaari, kumain sa classroom o sa labas, na walang mga paghalubilo ng mga estudyante ng elementary mula sa ibang classroom.
- Pagpipila ang mga estudyante para kumuha ng pagkain, maglagay ng tape o marka para masegurado ang 6 talampakan na distansya sa pagitan ng dalawang estudyante.
- May staff sa oras ng pag-kain para mapanatili ang physical distancing at mapigilan maghalubilo ang mga elementary na estudyante.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- Kung kakain sa cafeteria, hindi sabay sabay ang pag-break para mabawasan ang bilang ng estudyante sa cafeteria; may staff para masegurado na ang mga elementary na estudyante mula sa ibang klase ay hindi magkumpulan.
- Kung magkakainan sa cafeteria, may espasyo sa pagitan ng mesa/upuan para magkaroon ng 6 talampakan na physical distancing.
- May mga harang sa pagitan ng mesa at upuan na maaaring gamitin bilang kapalit kung di maaari ang 6 talampakan na physical distancing

- Paghanda ng pagkain at mga operasyon ay isina-ayos, kung saan posible, para makamit ang physical distancing ng mga empleyado. Halimbawa, kusina at likod ay may marka sa sahig para maisagawa ang tagubilin ng physical distancing.
- Mayroong mga hakbang para makapag physical distancing sa mga lugar sa paaralan para sa mga serbisyo ng student support.
  - Ang student support staff, kasama ang mga empleyado (nars, guidance counselor, therapist, at iba pa) at mga empleyado ng mga kasaping mga programa (clinician, health educator, at iba pa) ay may instruksyon na magpanatili ng physical distance na di kukulang sa 6 talampakan habang nagsasagawa ng aktibidad ng student support.
  - Mga muebles at equipment para sa student support ay inayos para maisagawa ang 6 talampakan na layo sa pagitan ng dalawang estudyante at/o sa estudyante o staff.
  - Kung saan maaaring gawin at angkop, mga terapyutiko at mga pangsuportang aktibidad ay gagawin sa paraang birtwal.
  - Hiraman ng equipment at supply ay iiwasan kung posible. Kung kailangan maghiraman ng equipment, dapat itong i-sanitize bago gamitin at pagkatapos, ng ibang estudyante/empleyado.
  - Mga staff na nagbibigay ng support service ay binigyan ng angkop na PPE ayon sa tagubilin ng Cal OSHA.
- Mga hakbang ay isinalugar para mapayagan ang physical distancing sa mga opisina ng paaralan.
  - May karatula na nag-aabiso sa bisita na magpanatili ng 6 talampakang distansya mula sa tauhan ng opisina.
  - May tape at iba pang mga marka ang ginamit para markahan ang 6 talampakan sa paligid ng tanggapan o counter.
  - Workstations of administrative personnel have been arranged to permit 6 feet between individuals sharing a space or between office personnel and students or other staff required to visit the space.
- May mga hakbang na isinalugar para masegurado ang physical distancing at ligtas ng kontrol ng impeksyon sa mga extracurricular na aktibidad. Maaaring kasama dito ang:
  - Spectator events ay bawal sa ngayon, kasama dito ang mga events sa loob at sa labas.

- Mga extracurricular na mga athletic team na piniling buksan ng paaralan (limiatado lamang sa mga sports na pinayagan ng state at nagpapahintulot ng physical distancing, tulad ng tennis, golf, gymnastics na di kailangan ng spotter, at iba pa) ay inayos para ma-isali ang physical distancing sa training at laro.
- Mga extracurricular na mga team sports na makakapag physical distancing (baseball, soccer at iba pa) ay hindi pa pwede. Tandaan na ang mga coach ay maaaring magbigay ng mga pagsasanay na programa sa mga estudyante para sa sariling paggamit.
- Mga hakbang ay isinalugar para mapahinto ang walang bantay na pagkumpol ng mga estudyante sa locker room. Maaaring kasama dito ang:
  - Pag-alok ng paggamit sa mga locker room kung may bantay na staff
  - Hindi sabay sabay na pagpasok sa locker room
- Mga extracurricular na aktibidad pang-musika ay inilipat online o inayos kung ano man ang kailangan para makapag physical distancing.
  - Mga koro o aktibidad na may kantahan ay sinuspende muna.
  - Mga aktibidad na malamang maaaring ma-ipasa ang mga kontaminadong patak mula sa hininga – tulad ng kantahan, hiyawan, pag-ihip ng instrumento – ay di muna papayagan sa ngayon.
- Mga extracurricular na aktibidad na hindi pang sports o pang musika (mga team, club) ay sa online kaysa sa personal kung maaaring magawa.
- Mga sa personal na event ng paaralan (assembly, palabas, at iba pa) at mga field trip ay itinigil. Maaaring gawin sa paraang birtwal.

C. Measures to Ensure Infection Control

- Pag-screen ay bago makapasok sa paaralan ang mga estudyante, bisita at staff. Kasama sa screening ang pag-check ng ubo, maikling paghinga o may lagnat o iba pag sintomas na nararanasan ng bisita. Maaaring gawin sa remote ang pag-check (gamit ang isang app o iba pang paraan) o sa personal sa pagdating. Kukunin ang temperature gamit ang no-touch thermometer sa pagpasok kung maaaring magawa.
  - Mga bisitang adulto at staff na mag-positive sa pagpasok o mag-report na may sintomas sa kahit anong oras ay pa-uuwiin at mag-self-isolate bilang tagubilin ng Health Officer Order ng Hulyo 1, 2020 (tignan ang Health Officer Isolation Order)
  - Mga estudyante na mag-positive sa pagpasok o mag-report na may sintomas sa kahit anong oras ay bibigyan ng surgical mask at sasamahan sa isang piniling isolation na lugar kung saan sila mananatili habang inaayos ang kanilang pag-uwi.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- Ang COVID-19 Compliance Team (tignan ang Section A sa pahina 2) ay ipapaalam ang anumang positive na resulta sa paaralan at magsisimula ng COVID-19 Exposure Management Plan na tumatalima sa mga direktibo ng LBDHHS.
- Mga bisitang adulto, staff, mga estudyante at iba pang tao na may nalapitan na nag-positive ay may binilian na umuw at mag self-quarantine bilang tagubilin ng Health Officer Quarantine Order, hangga't dumating ang oras na ang tao na nag-positive sa COVID-19 ay naging na negative para sa COVID-19.

- Pag-screen ng mga adulto at mga estudyante ng middle at high school ay kasama ang tanong kung may nalapaitan sa bahay, sa paaralan o saan man na may COVID-19.
  - Ang adulto na na-screen na nahawa at nag-report na may nalapitan na taong may sakit ay paaalisin sa paaralan, pauuwiin para makapag self-quarantine, at magpa-test sa COVID-19.
  - Estudyante ng middle o high school na na-screen na nahawa at nag-report na may nalapitan na taong may sakit ay bibigyan ng surgical mask at sasamahan sa isang piniling lugar na isolation kung saan sila mananatili habang inaayos ang pagsundo na kanilang mga magulang nang makapag quarantine sa bahay. Mga magulang ay maaaring humingi ng testing para sa bata pagkatapos ng 10 araw ng quarantine.
- Mga hakbang ay isinalugar para mabawasan ang panganib ng impeksyon gawa ng mga pagbisita ng mga tao bukod sa staff at estudyante. Maaaring kasama dito ang:
  - Pagbisita sa paaralan bukod sa staff at estudyante ay iiwasan kung maaari. Mga magulang ng mga estudyante ay hinihikayat na gawin sa paraan remote kung posible ang pakikipag-ugnayan.
  - Maliban sa mga magulang ng mga estudyante ang pwede lamang bumisita ay ang mga esensyal sa operasyon ng paaralan. Kailangan ng appointment para makabisita at mayroong rehistrasyon na kasama ang pangalan, telepono at email ng bisita. Kailangan mag-isa lang ang bisita sa kanilang appointment. Kung ang bisita ay may kasama (hal. taga-salin ng wika, o dahil ang bisita ay menor de edad, menor na estudyante) ang kanilang impormasyon ay ilalagay sa talaan ng bisita.
  - Mga bisitang may kasamang hindi naka-enroll na anak sa paaralan (hal. mga batang kapatid ng estudyante) ay dapat seguraduhin na katabi ang ang anak, iwasan ang a paghipo ng ibang tao o bagay na di kanila, at may suot na mask kung mahigit 2 taon at hindi panganib sa isang kondisyong pang respiratoryo.
  - Paggalaw ng mga bisita sa paaralan ay limitado sa mga takdang lugar tulad ng tanggapan, lobby, conference o meeting room at mga rest room kung maaari.
  - Kailangan magsuot ag mga bisita ng takip sa mukha sa lahat ng oras habang nasa paaralan.
- Mga hakbang ay isinalugar para maisulong ang pinakamalakas na bentilasyon ng paaralan. Maaring kasama dito ang (lagyan ng check lahat ng angkop):
  - Ang HVAC system ng paaralan ay na sa mabuting kondisyon.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- Ang HVAC ay naka-set para malubos ang hangin na pumapasok at lumalabas maliban na lang kung ang mga kondisyon sa labas (sunog, mainit, mataas na bilang na pollen, at iba pa) ay gagawin itong hindi angkop.
- Mga portable na mabisang air cleaners ay inilagay.
- Mga pinto at bintana ay bukas buong araw at kung papayagan ng kondisyon sa labas.
- Mga air filters ay binago para sa pinaka-mahusay na kakayahang posible.
- Iba:_____

☐ Isinalugar ang mga hakbang nang masegurado ang angkop na paglinis at pag-disinfect ng mga ibabaw at gamit sa buong paaralan. Maaring kasama dito ang:

- May iskedyul ng paglinis at pag-disinfect nang maiwasan ang hindi sapat o sobrang paggamit ng mga produktong panglinis.
- Mas mahusay na paglilinis ng paaralan ay gagawin kapag wala ang mga estudyante sa paaralan na may sapat na oras para pahanginan ang mga espasyo bago magsimula ang pasok.
- Mga bus ay nililinis at dini-disinfect nang mabuit araw-araw at pagktapos magsakay ng taong may sintomas ng COVID-19. Mga driver ay mayroong disinfectant wipes at gwantes para gamitin sa pag-disinfect kung kinailangan. Mga ibabaw na madalas hawakan ay dini-disinfect pagka-kompleto ng ruta.
- Mga palaging hinihipong bagay (mesa, doorknob, switch ng ilaw, counter, hawakan, desk, telepono, keyboard, elevator switch, pindutan, touch screen, printer/copier, pang-hila at mga hawakan sa hagdan) ay dini-disinfect ng dalawang beses sa isang araw at mas madalas kung kaya, gamit ang mga angkop na produkto (tignan sa ibaba)
- Mga gamit na ginagamit ng marami ay tinanggal, tulad ng water fountain na sinara at mga isahang bote ng tubig ang pinalit, mga playground equipment na madalas hipuin ay maaaring tanggalin at palitan ng mga no-touch na mga paglaro sa playground, at iba pa.
- Kung mga pang-isahang taong alternatibo ay di magagawa, halimbawa, sa mga laboratoryo o mga art room kung saan ang ilang equipment ay gagamitin ng ilang estudyante, mga gamit at ibabaw ay lilinisin at idi-disinfect sa bawat paggamit.
- Mga produktong panglinis na mabisa laban sa COVID-19 (ito ay nakalista sa Environmental Protection Agency (EPA)-parubadong listahan “N) ay gagamitin ayon sa instrukyson ng produkto
- Para mabawasan ang panganib ng hika, mga disinfectant sa listahan N na may laman (hydrogen peroxide, citric acid, o lactic acid) ay pinili
- Mga produktong maaaring naglalaman ng peroxyacetic (peracetic) acid, sodium hypochlorite (bleach) o quaternary ammonium compounds ay iiwasan.
- Mga custodial at iba pang mga staff na responsable sa paglinis at pag-disinfect ng mga ibabaw at mga bagay ay na-train sa mga direksyon ng manufacturer,

tagubilin ng Cal/OSHA para sa ligtas na paggamit ayon sa Healthy Schools Act, kung naangkop.

- Mga produktong panglinis ay ilayo sa mga bata at itabi sa isang lugar na kaunti lang ang makakapunta.
- Bentilasyon ay nasa pinakamalakas na antas habang naglilnis at sa pag-disinfect. Kung may aircon, i-set sa fresh air. Palitan at i-check ang air filter at filtration para masegurado ang pinakamahusay na kalidad ng hangin.
- Mas mahusay na paglinis ng paaralan ay gagawin kapag wala ang mga estudyante na may sapat na panahon para mapahaginan ng husto ang mga espasyo bago magsimula ang araw.
- Mga hakbang ay seseguraduhin na ang lahat ng mga sistema ng tubig at lababo ay ligtas pagkatapos ng mahabang panahon na na hindi ginamit para mabawasan ang panganib ng Legionaire's Disease at iba pang mga sakit kaugnay sa tubig
- Mga restroom, lobby, break room at mga lounge at iba pang mga karaniwang lugar ay madalas dini-disinfect kasama ang:
  - Restrooms
  - Lobbies/pasukan
  - Teacher/staff break rooms
  - Classrooms
  - Cafeteria /Kainain
  - Kusina ng Cafeteria
  - Tanggapan
  - Ipa pag mga opisina
  - Iba pang mga lugar

- Mga hakbang ay isinalugar para masegurado ang paggamit ng angkop na takip sa mukha ng lahat ng staff at bisita sa anumang oras. Maaaring kasama dito ang:
  - Pinaalam sa mga staff, magulang at estudyante ang tagubilin para sa takip sa mukha bago magsimula ang eskwela at sa regular na batayan sa buong taon.
  - Lahat ng mga estudyante mahigit sa dalawang taon ay kailangan magsuot ng takip sa mukha sa lahat ng oras habang na sa paaralan maliban sa pag-kain, pag-inom o iba pang mga aktibidad na nagpipigil sa paggamit ng takip sa mukha.
    - Mga alternatibong estratehiya ay maaaring ipasatupad para mabigyan ng akomodasyon ang mga estudyanteng na sa Individualized Education o 504 Plans at hindi makakatagal na may suot ng takip sa mukha.
  - Ipormasyon ay pinamahagi sa staff, mga magulang at mga estudyante hinggil sa wastong paggamit ng telang pantakip sa mukha pati na rin ang paghugas ng mga pantakip sa bawat araw na paggamit.
  - Karatula sa pasukan ng paaralan, sa pasukan ng opisina at sa buong gusali na mahigpit na nagpapaalala sa tagubiling ito at pinapakita ang tamang paglagay ng takip sa mukha.
  - Kung maaring gawin, dalawang mask ang ibigay sa estudyante sa simula ng school year. Kung hindi ito maaari, mga magulang at estudyante ay bibigyan ng impormasyon kung paano gumawa ng kanilang mga pantakip sa mukha.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- Mga magulang ng mga nakababata ay hinihikayat na magbigay ng pangalawang pantakip para sa bawat araw ng pagpasok kung sakaling ang ginagamit ng bata ay madumihan; ng sa gayon ay maaaring makapagpalit nga takip.
- Mga staff na nasa pasukan o mga hallway o iba pang mga karaniwang lugar ay ipasasagawa ang mga physical distancing at ipapaalala sa mga estudyante ang mga alituntunin sa paggamit ng takip sa mukha.
- Mga empleyado na kasali sa mga aktibidad (tulad ng physical therapy o personal na pagtulong sa estudyante) na hindi sila makakapag physical distancing ay binigyan ng angkop na PPE (gwantes, mask, gown at iba pa).
- Ang staff na nag-aalaga ng may sakit na estudyante ay binigyan ng medical grade na mask na kanilang susuotin, at meron din ibibigay para sa estudyante para isuot (kung makakatagal) hanggang sa umalis ang estudyante sa paaralan.

PAGTATALA: Mga staff at estudyante na mag-isa sa saradong opisina, o mga cubicle na may harang o iba pang pribadong espasyo ay hindi kailangang magsuot ng takip sa mukha. Maaaring tanggalin ng mga estudyante ang takip kung kakain o magse-siyesta o kung ang takip sa mukha ay di talaga maaari (tulad ng pagligo). Maaari din gawin ng paaralan na kung hindi angkop para sa teacher ng mga mababang antas na gumamit ng faceshield na may drape sa ilalim ng baba imbes na takip na tela para makita ng mga bata ang kanilang mukha at maiwasan ang mga posibleng sagabal sa mga phonological instruction.

- Mga hakbang ay isinalugar para masegurado ang madalas na paghugas ng kamay ng mga staff, estudyante at mga bisita. Maaaring kasama dito ang:
  - Bibigyan ang staff at mga estudyante ng madalas na pagkakataon para hugasan ang mga kamay gamit ang sabon ng 20 segundo, kuskusing mabuti at gumamit ng paper towel o pang isahang beses na gamit na twalya para matuyong mabuti.
  - Mga nakababatang estudyante ay may iskedyul para sa utos para mag-break at maghugas ng mga kama, bago kumain, pagkatapos mag-toilet, at pagktapos maglaro. At bago sumali sa mga aktibidad at pagkatapos.
  - May instruksyon ang mga staff na ipakita sa mga mas batang estudyante kung saan ang banyo ay isang oportunidad na maisagawa ang mga gawi ng kalusugan at i-monitor ang ang tamang paghugas.
  - Mga portable na stasyon ng hugasan ay inilagay malapit sa mga classroom para mabawasan ang paggalaw at mga pagkumpulan sa mga banyo.
  - Mayroon hand sanitizer na may ethyl alcohol para sa mga estudyante at mga staff sa mga lokaysong importante sa buong paaralan kung saan walang lababo o mga portable na stasyon (sa loob o malapit sa classroom, mga kwarto kung saan mayroong support services, music at art rooms). Mas pinipili ang Ethyl alcohol at dapat gamitin kung posibleng hindi mababantayan ang paggamit ng mga bata, ang Isopropyl na hand sanitizer ay nakakalason at maaaring sipsipin ng balat.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- Mga hand santizer na may base na isopropyl alchol ay hindi ginagamit sa paaralan gawa ng posibilidad na ito ay maka-lason at ang hand sanitizer ay wala sa mga classroom ng mga batang may idad na mas bata sa 9. Ipinaalam sa faculty at staff ang panganib ng pag-subo at dapat tumawag sa Poison Control at 1-800-222-1222 kung naniniwala kayo na may dahilan na ang estudyante ay nakasubo ng hand santizer.
- Mga hand sanitizer, sabon at tubig, tissue at mga basurahan ay nakahanda sa publiko at na sa pasukan ng pasilidad, tanggapan at kung saan man sa lugar ng trabaho o kung saan may mga interaksyon ng mga tao.

☐ Mga hakbang ay isinalugar para masegurado ang kontrol ng impeksyon sa cafeteria o s sityo kung saan may pagkain.

- Buffet o family style na kainan ay tinanggal.
- Mga pagpipilian ay mga balot ng pagkain, mainit na pagkain na sinisilbi ng staff ng cafeteria o mga pagkaing dala ng mga estudyante mula sa bahay.
- Naglagay ng mga harang kung saan kailangan limitahin ang kontak ng mga staff ng cafeteria at mga estudyante.
- Opsyonal-Isalarawan ang iba pang mga hakbang:
  _____

D. Mga Hakbang para sa Komunikasyon sa Komunidad ng Campus at sa Publiko

☐ Mga impormasyon ay ipinadala sa mga magulang at estudyante bago magsimula ang pasukan hinggil sa mga patakaran kaugnay ng:

- Mga patakaran ang isolation at quarantine na naangkop sa mga estudyate na may sintomas o nahawa dahil may nalapitan na may COVID-19.
- Mga opsyon para sa COVID-19 testing kung ang estudyante o kapamilya ay may sintomas o nahawa ng COVID-19.
- Sino ang kokontakin sa paaralan kung ang estudyante ay may sintomas o may nalapitan may sakit.
- Paano isasagawa ang pag-check ng sintomas bago umalis ng bahay ang estudyante.
- Tagubilin na gumamit ng pantakip sa mukha.
- Importansya ng pagsunod ng estudyante sa mga patakaran na physical distancing at ng kontrol ng impeksyon.
- Mga pagbabago nga mga programang pang akademiko at extracurricular para mapigil ang panganib.
- Mga patakaran ng paaralan hinggil sa pagbisita ng mga magulang at ang payo na mas mabuti na kontakin muna ang paaralan.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- Importansya ng pagbigay sa paaralan ng pinabagong emergency contact pati na rin ang ibang paraan ng pag-kontak sa magulang
- Iba pa:_____

☐ Ang kopya ng protocol na ito ay nakapaskil sa lahat ng pasukan ng paaralan.
☐ Karatula ay nakapaskil sa buong paaralan na nagpapaalala sa mga staff at estudyante ng mga patakaran hinggil sa physical distancing, paggamit ng takip sa mukha at ang importansya ng paghugas ng kamay.
☐ May karatula na nasa mga pasukan ng paaralan na nagpapaalam sa mga bisita na hindi dapat pumasok kung may sintomas ng COVID-19.
☐ Nagbuo at nagpamahagi ng mga plano ng komunikason ang paaralan kung sakaling magsara o parsyal na magsara gawa ng isang kumpol ng mga kaso ng COVID-19.
☐ Mga online outlet ng paaralan (website, social media at iba pa) ay nagbibigay ng pinakbagong impormasyon sa oras ng operasyon, patakaran ng pagbisita, pagbabago sa mga programang akademiko at pang-extracurricular at mga tagubilin hinggil sa paggamit ng takip sa mukha, physical distancing at paghugas ng mga kamay.
☐ May instruksyon ang mga online outlet para sa mga estudyante, magulang at mga teacher kung paano kontakin ang paaralan kung sakaling may impeksyon ay may nalapitan.

E. Mga Hakbang sa Pantay-Pantay na Pagtanggap ng mga Serbisyong Kritikal

☐ Isang plano para sa pagbago ng mga Individualized Education (IEPSs) at 504 Plans ng mga estudyanteng special needs ay binuo at sinegurado na patuloy ang edukasyon ng walang inaasahan panganib sa estudyante.
- Marahil kasama sa planong ito ang madalas na pagkontak sa mga magulang sa simula ng pagpasok para masegurado ang mga isyu kaugnay sa edukasyon ng bata at nang matugonan ang kaligtasan.
- Mga amyenda sa Individualized Education o 504 plans ay maaaring gumamit ng remote learning, mga amyenda sa classroom para mabigyang daan ang mga pangangailangan ng estudyante, ang hiwalay na lugar para sa iilang mga estudyante, o isang paraang hybrid na pinaghalong personal na klase at paraang remote.
- Mga hakbang ay isinagawa para ma-amyendahan ang IEPs at 504 plan para sa seguradong pagsunod ng mga estudyante sa mga mahalagang probisyon ng batas na pederal at ng estado.

☐ Mga serbiyong administratibo o operasayon na maaring iasagawa sa paraang remote (hal. reghistrasyon, pagsomete ng form at iba pa) ay inilipat na online.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

Ano pa mang mga karagdagang mga hakbang na hindi naisali dito ay dapat ilista sa hiwalay ng mga pahina at na ilalakip ng paaralan sa dokumentong ito.

Maaari niyong kontakin ang sumusunod na tao sa anumang tanong o komento tungkol sa protokol na ito.

Pangalang ng
Kontak Sa paaralan: _____Telepono
_____

Petsa ng Huling Pagbabago: _____

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV